PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 10 MAY 2 - 8, 2022 10.00




# Chikiting Bakunation Days, isasagawa ng DOH sa Calabarzon

**Hinihikayat ng Department of Health (DOH) ang mga magulang na pabakunahan ang mga batang wala pang dalawang taong gulang sa malawakang immunization drive na isasagawa ng ahensiya sa darating na ika-28 hanggang 29 ngayong Abril.**

Ayon sa DOH, kabilang ang rehiyon ng Calabarzon sa magsasagawa at makikiisa sa Chikiting Bakunation Days.

Layunin nito na mabigyang immunization ang mga sanggol sa rehiyon upang mabigyang proteksiyon ang mga ito laban sa iba't ibang uri ng sakit.

Ayon sa DOH, kailangang masiguro na mayroong bakuna ang mga sanggol bago ito mag-isang taon.

Kabilang sa mga bakunang ibibigay sa mga bata ay ang BCG at Hepatitis B, Pentavalent, Oral Polio, Inactivated Polio, Pneumococcal Conjugate, Measles, Mumps at Rubella Vaccine.

Inaabisuhan naman ng ahensiya ang mga magulang na makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health center upang mapabilang sa programa ang kanilang mga anak.

Dagdag pa ng DOH, kinakailangang dalhin ang vaccine record o baby book ng mga bata upang matukoy kung anong bakuna ang kanilang kailangan. — MO, PIA4A


*Larawan mula sa DOH Region 4-A*

# 88 miyembro ng CPP-NPA sa Calabarzon nagbalik-loob sa pamahalaan

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Pinapurihan ng mga awtoridad ang 88 miyembro ng New People's Army (NPA) sa Calabarzon na sumuko sa pamahalaan nitong Abril 23 sa Camp Vicente Lim, Calamba City, Laguna.

Pinangunahan nina Police Regional Office Calabarzon Regional Director Police Brigadier General Antonio Yarra at Police Major General Rhoderick Armamento ang pagtanggap sa mga dating rebelde sa pamamagitan ng isang programa.


Kapalit ng pagsuko ng armas at pagbabalik-loob ng mga rebelde ay tulong mula sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng pamahalaan.

Narekober mula sa mga sumuko ang 21 assorted long and short firearms at 190 iba't iba pang mga armas.

Sa 88 mga sumuko, 48 ay mga "Ganap na Kasapi" ng NPA na nakikipag-bakbakan sa mga Red Areas o mga liblib na lugar, ayon sa PRO Calabarzon.

(see page 3)


*Larawan mula sa Police Regional Office Calabarzon.*







ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## Bakit Kumukulubot Ang Mukha?

Payo ni Doc Willie Ong

Maraming bagay ang nagdudulot ng wrinkles. Ang balat natin ay gawa sa isang matibay na balot (keratin) na hindi pinapasok ng tubig. Sa ilalim ng balat ay may collagen, elastin fibers, ugat (nerves at blood vessels), at may makapal na layer ng taba.

Sa edad 20 hanggang 30, nababawasan na ang paggawa ng collagen ng balat. Parang isang rubber band ang collagen at ito ang nagpapa-kinis ng balat. Pero sa pag-edad, ang mga collagen at elastin fibers ay kumakapal at lumuluwag. Ito ang dahilan ng pag-kulubot ng balat. Nababawasan din ang moisture sa balat at lumiliit ang mga fat cells (taba) sa ilalim ng balat.

Sa edad 40, titigil na ang paggawa ng collagen ng balat. Ang natitirang collagen at elastin fibers ay unti-unting nababali, tumitigas at parang rubber band na lumuluwag. Ito ang nagdudulot ng wrinkles.

Sa edad 50, ang balat ay nanunuyo at madaling masugat o magasgas. Nababawasan ang mga oil glands. Kapag ang babae ay nag-menopause, manunuyo at magiging manipis din ang balat.

Ang pag-kulubot ng balat ay namamana din sa magulang. Kapag makinis ang mukha ng iyong magulang ay marahil makinis din ang iyong balat.

Ang pag-edad ay hindi natin maiiwasan. Pero mayroon tayong magagawa para gumanda ang ating kutis. Heto ang aming payo:

1. Huwag magbilad sa araw. Ang araw ay nagpapakulubot ng balat, nagdudulot ng freckles at posibleng magka-skin cancer pa dahil sa UV light. Magtago sa matinding sikat ng araw mula 10 ng umaga hanggang 4 ng hapon.

2. Gumamit ng sunblock na may taglay na SPF 15 o 30.

3. Itigil ang paninigarilyo at pag-inom ng alak. Ang paninigarilyo ay nakatatanda dahil nababawasan ang daloy ng dugo sa balat. Ang alak naman ay nagdudulot ng wrinkles dahil hihina ang iyong resistensiya at babagsak ang iyong katawan.

4. Uminom ng 8 basong tubig araw-araw para manatiling malambot ang iyong balat.

5. Kumain ng 2 tasang prutas at 2 tasang gulay araw-araw. Sagana ito sa vitamins A, C, E at biotin na tinuturing na anti-oxidants. Umiwas sa pagkaing matataba, mamantika at sitsirya.

6. Magbawas sa stress, at maging masiyahin. Totoo ang kasabihan na tumawa ka




# EDITORIAL

## Kalbaryo ng mga pasahero

ANG ipinatutupad na window hour scheme ng Land Transportation, Franchising and Regulatory Board at Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ay nagpapahirap sa halip na magpagaan sa mga pasahero ng bus na biyaheng probinsiya. Sa ilalim ng window hour scheme, magagamit lamang ng mga provincial buses ang kanilang terminal sa Metro Manila mula 10:00 p.m. hanggang 5:00 a.m. Habang hindi pa sila puwedeng magtungo sa kani-kanilang terminal, mananatili sila sa mga itinakdang terminal. Sa mga bus na galing Bicol, Mimaropa at Calabarzon, sa Paranaque Integrated Terminal Exchange (PITX) sila hihimpil. Sa mga bus naman na galing sa Northern Luzon sa North Luzon Express Terminal (NLET) sila hihimpil.

Dahil sa ipinatupad na polisiya nilimitahan ng provincial buses ang kanilang biyahe noong Abril 20 na naging dahilan para ma-stranded ang mga pasahero at sa terminal na natulog ang marami. Pinakaraming na-stranded na pasahero sa Pampanga terminals patungong Maynila.

Marami rin ang na-stranded sa mga terminal sa Cubao, Quezon City na pauwi naman ng probinsiya. Kawawa ang mga bata na ang iba pa ay halatang pagod at nagugutom. Ang iba ay maraming bitbit na bag at iba pang bagahe. Bakas sa kanilang mukha ang pagkadismaya habang naghihintay sa parating na bus pero wala naman palang darating dahil sa -paglimita ng biyahe. Ang ibang napagod sa paghihintay, pinatulan na ang mga kolorum na van para lamang makauwi. Kahit mahal ang pamasahe, pumayag na. Ang walang pera, nanatiling naghintay na may dara-ting pang bus. Pero namuti ang kanilang mga mata.

Nagturuan naman ang LTFRB at MMDA sa nangyari. Nagbanta ang LTFRB na kakasuhan ng sabotage ang anim na bus companies dahil sa hindi pagbiyahe ng mga ito na naging dahilan ng pagka-stranded ng mga pasahero.

Gumawa sana nang maayos na paraan ukol dito para hindi mahirapan ang commuters. Isaayos ang sistema. Malaking hamon naman ang problemang ito sa susunod na presidente. Makagawa sana nang mahusay at pangmatagalang solusyon sa public transport.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.

## GUHIT NG KAPALARAN

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Ang anumang naiwang gawain ay mawawalan ng kabuluhan sa hinaharap. Sikapin na ang mga nakatenggang aktibidad ay matapos bago sumapit ang hapon. Ang kalusugan ay hindi magiging sagabal sa pagtupad ng tungkulin. Lucky numbers at color for the day ang 10, 15, 18, 38 at orange.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Magiging sensitibo sa ilang bagay. Maaaring makamtan ang matagal nang inaasam-asam. Panatilihin ang hinahon. Lucky numbers at color for the day ang 8, 19, 21, 23 at ruby red.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) May matatanggap na hindi inaasahang regalo at sulat. Isang kaibigan ang nangangailangan ng tulong na materyal o payo. Lucky numbers at color for the day ang 15, 28, 32, 39 at yellow.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Ang iyong talino ay malaking puhunan na ikauunlad kaya panahon na para magamit ito sa makabuluhang bagay. Lucky numbers at color for the day ang 8, 19, 21, 24 at blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Ang pag-ibig ang gabay sa pagsisikap. Magiging maagap sa lahat kaya nasa tamang landas ang iyong kaunlaran. Lucky numbers at color for the day ang 8, 19, 26, 27 at lemon green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang payo ng mga nakatatanda ay mahalaga para sa iyong kabutihan. Huwag maging ipokrito, sundin ang inaakalang tama. Lucky numbers at color for the day ang 6, 14, 30, 35 at gray.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang lahat ng aktibidad sa umaga ay walang kapalpakan. Kung may lalakarin, sa umaga rin gawin. Lucky numbers at color for the day ang 12, 23, 26, 28 at apple green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ang kasipagan at pagtitiyaga ang puhunan para matamo ang kaunlaran. Paglaanan ng oras ang iyong pa-milya. Lucky numbers at color for the day ang 4, 8, 29, 42 at beige.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Bigyan ng ekstrang oras ang minamahal. Ang mga praktikal na gawain ang magbigay ng kasiyahan at moral. Lucky numbers at color for the day ang 2, 24, 34, 42 at purple.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Iwasan ang magalit at mabilis na mag-init ang ulo na siyang sisira sa araw mo. Self-control ang pairalin. Lucky numbers at color for the day ang 9, 14, 20, 21 at brown.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Maaaring urong-sulong ang mga pangyayari kaya ang dapat gawin ay makisayaw sa tugtog. Lucky numbers at color for the day ang 7, 15, 23, 34 at maroon.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Kung may hindi nalalaman, huwag ikahiya ang magtanong. Hagilapin ang detalye at iayon sa sarili. Lucky numbers at color for the day ang 3, 16, 18, 38 at cream.




# PH pushes for 'regenerative tourism'

MANILA – An even better and sustainable version of the Philippines' world-popular destinations -- this is what the Department of Tourism (DOT) is now pushing with the emerging calls for "regenerative tourism".

In a Laging Handa briefing Tuesday, Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat said this kind of travel sets the bar higher from zero-footprint tourism to one that leaves a lasting and positive impact on the host destination.

"We want sustainable tourism and we want a tourist destination to be even better than it was before, (we want the kind of travel) that does not destroy nature but at the same time benefits the host communities," she said.

"We have to think of the future generations... We want to make sure that each tourist destination is taken care of for our future generations," she added.

Gone are the days that promoting green tourism or simply reducing waste when you visit a place is enough, now climate concerns have highlighted the need for tourists and stakeholders to lead the movement.

At the recent World Travel & Tourism Council (WTTC) Global Summit in Manila, regenerative tourism champions and Masungi Georeserve trustees Ann and Bullie Dumaliang said stakeholders must first localize their approaches and understand how they could protect the destination.

"When we talked about regenerative tourism it focuses on an ecosystem-wide approach which we tend to forget when we talk about sustainability," Ann said.

"A lot of us have limited the concept of sustainability to simply reducing plastic waste, offsetting our carbon, and all of these. We tend to forget that we need to localize our approach and that means getting to know all the places and understanding the geographical nature of the destinations," she added.



*REGENERATIVE TOURISM. (L-R) Global Sustainable Tourism Council Chief Executive Officer Randy Durband, Masungi Georeserve trustees Billie and Ann Dumaliang, and ProColombia Chief Executive Officer Flavia Santoro during a discussion on regeneration during the 2022 WTTC Global Summit. Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat said on Tuesday during the Laging Handa briefing that regenerative tourism sets the bar higher from zero-footprint tourism to one that leaves a lasting and positive impact on the host destination. (PNA file photo by Joey Razon)*

Masungi Georeserve Foundation provides forest enforcement support to deter and eliminate threats to the georeserve and surrounding watershed areas.

Through on-ground patrolling, installation of ranger stations, and investments in monitoring technology, the foundation was able to accelerate efforts and secure more areas for conservation in the area.

At present, the nature reserve project located in Baras, Rizal has so far planted 60,000 native trees, engaged more than 100 park rangers, supported 200 local households, and rescued 2,000 hectares of land from encroachment and illegal activities.

"All of that now is sustained and protected using the fund that we raised through tourism, it really goes on to show how tourism can be a force for good for nature," Ann shared.

"Regenerative tourism is really a change in mindset, it's a paradigm shift from a tourism that leaves no trace to a kind of tourism that leaves things better than they were before, both for businesses and for travelers," his sister Billie added.

For the Dumaliangs, the government plays an important role in replicating Masungi's successes.

"You need to be open to innovation, to new policies, and actually incentivize that. If you don't restore the watersheds around us, you will lose water. If you don't protect the area from extractive indus-

# PHILSYS CHECK; INILUNSAD NG PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

Inilunsad kamakailan ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang 'PhilSys Check' na naglalayong makatulong sa mga establisyemento upang mas mabilis na maberipika at matukoy ang pagkakakilanlan ng National ID cardholders.

13 bangko ang nakibahagi sa pilot test run ng PhilID QR Code Verification System (PQRCVS).

“We piloted PQRCVS (PhilID QR Code Verification system) in November 2021, and we are grateful to the 13 financial institutions that answered our call for pilot testing,” pahayag ni Assistant National Statistician Fred Sollesta.

Bukod sa mas mabilis na pagberipika ng mga impormasyon, hindi na rin kakailanganin pa ng manual encoding dahil mas mabilis nang maisasalin ang mga personal data ng cardholders patungo sa sistema ng mga bangko.

“Through the pilot testing we made changes to the system to better serve its purpose. With more Filipinos receiving their PhilIDs, we work together to make government and private services more accessible for our constituents,” dagdag pa ni Sollesta.




Sa kasalukuyan, tinatayang nasa 9.1 milyong PhilSys IDs na ang nai-deliver habang nasa 62 milyon pa ang kailangang maproseso.

Maaaring ma-aaccess ang PhilSys Check gamit ang link na nasa ibaba:

#GoPhilippines

# Labor Day job fairs offer 64K local, overseas vacancies




MANILA – More than 64,000 local and overseas job vacancies are available in 24 job fairs nationwide to celebrate Labor Day on Sunday, May 1, the Department of Labor and Employment (DOLE) announced on Monday.

Based on the data of the Bureau of Local Employment, 64,485 jobs are up for grabs during the annual celebration -- 52,237 for local employment and 12,248 are jobs abroad.

The top five local vacancies are production operator/machine operator, customer service representative, collection specialist, retail/sales agent/promodiser, and market research interviewer.

The top industries are manufacturing, business process outsourcing and retail/sales.

On the other hand, the top five jobs overseas are nurse/nurse aide, waiter/waitress/food server, household service worker, kitchen helper/assistant cook, and salesperson.

The overseas destinations are Middle East (Kingdom of Saudi Arabia, United Arab Emirates, Qatar, and Kuwait); Europe (Germany, Poland, and United Kingdom); and Asia (Japan, Taiwan, and Singapore).

The main event of the Labor Day celebration will be held at the Kingsborough International Convention Center in the City of San Fernando, Pampanga, while the event at the National Capital Region will be at Arroceros Forest Park near the Manila city hall.

The Parañaque City hall grounds will be the venue on May 4.

The other job fair sites on May 1 are Baguio Convention Center; Magic Mall in Urdaneta City, Pangasinan; Tagudin Farmers Center in Ilocos Sur; Robinsons Place in San Nicolas, Ilocos Norte; Robinsons Place Santiago, Isabela; St. Thomas Academy Gymnasium in Sto. Tomas, Batangas; Vista Mall in Dasmariñas, Cavite; Camp Vicente Lim in Calamba, Laguna; Pacific Mall in Lucena City; Ynares Event Center in Antipolo City, Rizal; Robinsons Place in Puerto Princesa City, Palawan; Robinson Place Naga, Camarines Sur; SM City Iloilo City; SM City Cebu; Lamberto Macias Sports Complex, Capitol Area, Dumaguete City; Robinsons North Tacloban City; KCC Mall de Zamboanga, Zamboanga City; NCCC Victoria, Davao City; KCC Mall of Marbel, Koronadal City; and Robinson Place Butuan City.

The job and business fairs in Region 10 at University of Science and Technology of Southern Philippines, Cagayan De Oro will be held on April 28. (PNA)

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 10 MAY 2 - 8, 2022 10.00

## MAG-AARAL SA KOLEHIYO, KAILANGANG MAYROONG PHILHEALTH COVERAGE BAGO MAGBALIK SA F2F CLASSES-IATF



Itinakda ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF) kamakailan ang pagmandato sa mga mag-aaral sa kolehiyo at pamantasan na magkaroon ng Philhealth coverage bago magbalik ang face-to-face classes.

Sa ulat ng 24 oras nitong Huwebes, binanggit na ang mga estudyanteng 20-anyos pababa ay dependent pa ng kanilang mga magulang na rehistrado sa PhilHealth ngunit ang mga 21-anyos pataas ay kinakailangang magpa-miyembro na sa PhilHealth.

"'Pag 21 and above, 'yan dapat primary members na sila," pahayag ni Dr. Shirley Domingo, PhilHealth vice president for corporate affairs.

Ang mg PhilHealth members na mayroong trabaho o kumikita ay nakatakdang magbayad ng buwanang kontribusyong nagkakahalaga ng P300.00.

Samantala, ang mga estudyanteng wala pang trabaho o ang mga walang kakayahang makabayad ng kanilang kontribusyon ay maaari namang magpatala bilang "indigent" kung saan magiging libre na ang kanilang kontribusyon.

Ayon naman sa National Union of Students of the Philippines (NUSP), hindi dapat umano ipasa ng gobyerno sa mga mag-aaral ang pasanin sa pagbabayad ng mga health insurance.

"Yung financial burden ay napapasa sa individual sa mga estudyante instead of the government answering the budget to provide free medical treatment if ever may nagpositive. Kukuha ka ng barangay certificate of indigency, may bayad din 'yun. Kukuha ka ng medical certificate, may bayad din 'yun. Kukuha ka ng hospital bill na ipipresent mo saka 'yung form, siyempre, may mga bayad siya," ani Jandeil Roperos, pangulo ng NUSP.

"So instead na magiging accessible ang transition for face-to-face classes, mayroong ganitong additional requirements," dagdag pa nito.

Kaugnay nito, iginiit naman ng PhilHealth na sinusunod lamang nila ang utos ng DOH at CHED dahil para rin naman umano ito sa kapakanan ng mga estudyante na lalahok sa muling pagbubukas ng mga kolehiyo at pamantasan sa bansa.

